

Saysay ng Paminggalang-Bayan sa Kabataan at Kababaihan: Isang Pagsusuring Historikal¹

REBYU

Axle Christien Tugano

Department of Social Sciences
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

Panimula

Disyembre 2021 –ipinadala sa akin ni Eugene Evasco ang kalalabas pa lamang noon na akdang pambata, ang *Papuntang Community Pantry (PCP)* sa kadahilanan nais ko itong mabasa at mabigyan ng isang pagsusuri. Ahora mismo, nais kong bigyan ng merito at makabuluhang komendasyon at pagpupugay ang akdang ito nina Evasco at Aldy Aguirre na kanilang kinatha noong pandemya. Sa kabila ng napakaraming literatura, empirikal o siyentipikong pag-aaral, at lapit-kultural, politikal, o sosyolohikal ang lumitaw tungkol sa COVID-19, masasabing salat pa rin ang mga babasahin na eksklusibong pumaksa tungkol sa pandemya sa anyo ng panitikan. Kung hindi mapagkamalian, marahil ilan dito ay ang *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19* na pinamatnugutan nina Vladimeir Gonzales (Gonzales, “Dx Machina 1,” “Dx Machina 4”)^[2] at Rolando Tolentino (Tolentino, “Dx Machina 2,” “Dx Machina 3”)^[3] ng University of the Philippines Institute of Creative Writing.

^[1]Nagpapasalamat ang may-akda kay Dr. Rosario Torres-Yu para sa kaniyang unang pagbasa at pagbibigay ng karagdagang impormasyon at/o kaalaman.

^[2] Binubuo ng 21-sanaysay ang tomo 14, blg. 2 noong 2020 at 20-sanaysay naman ang tomo 15, blg. 3 noong 2021.

^[3] Bumilang din ng 21-sanaysay ang tomo 14, blg. 3 noong 2020 samantalang 25-sanaysay ang tomo 15, blg. 2 noong 2021.

Aaminin ko rin, hindi ko alam sa kung papaano at ito ang ilan sa mga unang pagkakataong sumulat ng isang rebyu tungkol sa isang akdang pambata.^[4] Sa unang sipat, aking nasabi, paano kaya irerebyu ang 32-pahinang bilingguwal na akdang pambata na puro larawan at maiikling teksto? Posibleng kumalas muna ako sa kinasanayang preskripsyon at pormularyo ng pagrerebyu sa ilang akdang pambata –na madalas marahil nakatuon sa aestetika, mga malalimang dulong, at obserbasyong pampanitikan. Sa halip, bibigyan ko ng historikal na pagpapahalaga at pagdalumat ang akdang ito. Minsan ko na rin itong nagawa sa kung paano nirebyu ang isang *animated series*. Sa akdang *Hanapin ang Hiwaga: Labintatlong Alegorikal na Interpretasyon sa Netflix Animated Series na Trese* ^[5], sinikap na balasahin at palawigin ang panimulang pagbasa sa Trese sa pamamagitan ng labintatlong alegorikal na interpretasyon (Tugano at Sajor-Tugano). Ayon kay Hurley, mailalapat ang lente ng alegorya sa pormulasyon ng mga kahulugan at esensiyang maaaring ipataw (92). Gayundin si tinuran ni Tolentino sa kaniyang *Sipat Kultura*. Aniya, ginagamit ang alegorikal upang masipat ang isang daluyan ng pag-unawa na kung saan ang maliit ay nagiging malaking usapin (Tolentino, “Sipat Kultura” 10).

Alalaumbaga, ganito ko rin tinitingnan ang akda nina Evasco at Aguirre. Mula sa mga larawan at teksto, naniniwala akong “may malay” (*consciousness*) ang mismong mga kaganapan at tauhan ng akda sapagkat “may malay” din ang mga sumulat at lumikha sa mga ito. Minsan na ring naging bata sina Evasco at Aguirre at ngayo’y “may malay” pa rin sila sa kasalukuyang nangyayari. Sa kanilang malikhaing imahinasyon, kanilang ipinaghugpong ang “nakaraang malay” (panahon ng pagkabata) at “kasalukuyang malay” (panahon ng COVID-19). Kaya’t nagbunga ito ng isang akdang pambatang tumalakay tungkol sa COVID-19. Ang kamalayan o alaala bilang isang kolektibong paniniwala o pananaw ay maaaring manatili sa ating kabuoan hangga’t nananatili pa rin ang mga batayan at kondisyon ng mga pagkabuo nito. Sa kanilang *Social Memory*, sinabi nina Fentress at Wickham, mawawala o mananatiling nariyan ang mga kaalaman hinggil sa penomeno batay sa pagpapahalaga rito, kung angkop (pa) ito sa kasalukuyang kalagayan ng isang lipunan (Fentress at Wickham 73 as cited by Ambrosio 7). Ibig sabihin, maaari nang tingnan na tuwirang nawala ang isang bagay o penomeno kung hindi na niya ito nasisilayan, napakikinabangan, o nakakasama sa

^[4]Sa ngayon, ikatlo ang PCP sa mga akdang pambata na tinangkang suriin. Una at nailathala ang aking naging rebyu (Tugano, “Formalistikong Paglalandas”) sa Ginto’t Pilak: Ang Kuwento ng Olympian na si Hidilyn Diaz (Diaz et al.). Ang pangalawa (Tugano, “Ang Dalawang Bayani ng Bansa”) naman ay tungkol sa Dalawang Bayani ng Bansa (Villanueva at Chua). Ang huli ay lalabas sa aklat na Bata, Hiwaga, at Bansa: Mga Sanaysay sa Buhay at Mga Akda ni Rene O. Villanueva

^[5] Ang Trese ay isang graphic novel na lumabas sa Netflix bilang anime. Ito ay pinangunahan ng mga creator na sina Kajo Baldesimo at Budjette Tan. Ipinalabas ito noong Hunyo 11, 2021 at binubuo pa lamang ng anim na episodio. Ang Trese ay itinuturing na kauna-unahang anime series sa Pilipinas, sa buong Timog Silangang Asya, at nasa labas ng Japan (Tugano at Sajor-Tugano 53, 55-57).

kaniyang pamumuhay. Sa kaso nina Evasco at Aguirre, kanilang naimarka sa akda ang samo't saring larawan at sa kung ano ang kanilang nasilayan at nakasama sa panahon ng kanilang pagkabata –na litaw pa rin sa kabatiran ng kasalukuyang kabataan. Kaya't mauunawaan ng makabagong henerasyon ang ipinapakita ng akda.


Bago lumitaw ang akdang PCP, mas nauna nang lumabas ang kaniyang *Maging Ligtas sa Coronavirus: Mga Kaalaman at Patnubay sa mga Bata* (Evasco at Acuña). Sentral na pinaksa ang babala sa kabataan kung papaano maiiwasan ang sakit. Gayumpaman, mas mahalaga para sa akin ang PCP sapagkat kambal na itinampok dito ang kahalagahan ng kabataan at kababaihan –mga bidang sektor sa konseptong lumitaw sa panahon ng pandemya –ang *Community Pantry* o sa makaPilipinong konsepto, ang Paminggalang-Bayan o Kusinang Bayan (Bernardo).^[6]

Parateksto, Salita, Guhit, at Tambalang Salita-Guhit ng PCP

Ito ay binubuo ng 32-pahinang akda na pinalalamutian ng makukulay na larawan ng kabataan at kababaihan na kumikilos sa kabukiran, kaparangan, taniman, at anihan. Nakatitiyak dito ang pagiging abala bilang paghahanda sa pagtatayo at/o pagsasagawa ng mga community pantry. Naging bakdrap din sa bawat larawan ang mga hayop at halaman, iba't ibang uri o moda ng kabuhatan ng bawat pamilya, at reyalidad ng lipunang Pilipino. Gayumpaman, nais kong palawigin ang panimulang sinopsis sa paglalahad ng mga elementong maaaring mapansin mula rito.

Una, ang parateksto. Sa kabuoan, ito ang mga teksto na labas sa mismong aktuwal na teksto. Kasangkot dito ang pabalat, end paper, title page, copyright page, at dedication page. Sinusuri rin sa parateksto ang tipo at sukat ng papel (Nikolajeva at Scott as cited by Bolata, “Sipat at Sapot” 307). Ang PCP (tingnan ang larawan 1) ay tumitimbang ng 75gramo at sumusukat ng 7x7 pulgada. Tumupad ang akdang ito sa pinakalayunin ng parateksto na magsilbing padron at/o gabay tungo sa interpretasyon at resepsiyon ng mga mambabasa (Gerard at Maclean 263). Kung ilalatag ang pabalat, naitampok dito ang pagkilos ng kabataang lalaki at babae habang hawak ang mga pagkaing posibleng ilalagak sa paminggalang-bayan. Nakukulayan naman ng bughaw ang malaking pamagat na “Papuntang Community Pantry” at dilaw naman at mas maliit ang transliteradong subtext nito –ang “Off to the Community Pantry.”

^[6]Tingnan din ang naging papel ng Paminggalang-Bayan sa pagbibigay ng mental health and psychosocial support (MHPSS) (Fornillos).



Larawan 1. Ang Pabalat ng PCP

May sinasabi ang laki at liit ng pamagat. Ibig sabihin, prayoridad ng mga may-akda ang mga mambabasang Pilipino at paggamit sa wikang Filipino. Sa espasyo at posisyong bertikal, prayoridad ang isang bagay kung ito ay matatagpuan sa itaas at sekondarya lamang ang ibaba. Gayundin sa perspektibong horizontal, prayoridad ang nasa kaliwa at sekondarya ang kanan (Tugano, “Sa Repositoryo” 127-128). Ang ganitong prayoritisasyon sa wikang Filipino ay mababakas sa lahat ng pahina ng akda nina Evasco at Aguirre –nakaFilipino ang kaliwa at nasa Ingles ang kanan. Inialay naman ang aklat sa mga magulang, guro, at tagapag-alaga ng mga bata.

Pangalawa, ang salita. Gumamit ang mga may-akda ng maka-batang terminolohiya at mga salitang madaling maunawaan. Dahil bilingguwal ang akda, ang wikang Filipino ay binubuo ng 15 pangungusap o 63 salita samantalang 16 pangungusap o 83 salita ang naisusulat sa Ingles. Mas mahahaba ang nasa Ingles samantalang payak o simple ang wikang Filipino. Ang pagtambal ng salita sa larawan ay tinatawag na salita-guhit (Bolata, “Sipat at Sapot” 311). Mas kapana-panabik ang ganitong hakbang upang makapukaw ng atensiyon ng kabataan lalo pa’t katulad ng tinuran ni Massaro, halos nobenta singkong porsiyento ng kabataang tumitingin ng mga picturebook ay nakapokus sa mga larawan kompara sa mga teksto (63-64).

Panghuli, ang guhit. Tumupad si Aguirre na maitampok ang kabataan at kababaihan lalo na ang mga nanay –na namimitas ng prutas (11), naka-facemask (14), masayang ugnayan sa anak (23), nasa paminggalang-bayan (26-27), at pagbibigay ng pasalubong sa anak (28). Nakapokus ang ilan sa mga ito. Gayundin, sinadyang palakihin, itampok,

o posibleng makapukaw ng atensiyon sa mga mambabasa ang ilang elemento katulad ng mga hayop, halaman, puno, at sasakyan.

Alay para sa Bata, Uubra pa rin ba ngayon?

Mahalaga ang mga panitikang pambata sa paghubog ng kamalayan ng isang bata. Hindi lamang ito simpleng naglalaman ng mga makukulay na larawan o tila lirikong pampatulog (bed time stories), bagkus tatak din ito ng ontolohikal at epistemolohikal na nagpapatuloy na proseso sa pagkatao ng mga bata. Isang dekada na ang lumipas nang salungguhitan ni Evasco sa kaniyang *Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas* ang kahalagahan at kalagayan ng mga akdang pambata sa lipunang Pilipino. Idiniin din niya ang pagiging marhinalisado ng mga akdang naisusulat sa wikang Filipino:

*Sa kasalukuyan, pinakamaunlad na anyo ng panitikang Filipino ang mga akdang pambata. May simplistikong paniniwalang maunlad ito dahil maraming bata sa bansa. Bawat taon, maraming sanggol ang isinisilang na **magiging potensiyal na mambabasa ng aklat**. Gayumpaman, nanatiling problema sa lipunan ang kultura ng pagbabasa at ang makalikha ng henerasyon ng mga mambabasa ng akdang Filipino (akin ang din) (Evasco, “Pag-akda at Pagkabata” 106-107).*

Sa kasalukuyang panahon, totoo pa rin ang naging pahayag ni Evasco. Sa unang banda, garantisadong payak ang katuwiran na araw-araw mayroong ipinapanganak na sanggol sa Pilipinas. Ngunit sa kabilang banda, bahagya kong pinagdududahan ang tila suntok sa buwan na harayang tangan ng mga batang ito ang kagustuhang bumasa ng mga akdang pambatang nasa wikang Filipino. Lantad ang suliraning ito na kadalasa’y nagmumula mismo sa paghuhubog ng ilang magulang. Sa kung papaano natin naririnig sa mga kapitbahay na kinakausap sa wikang Ingles ang kanilang mga anak na tila bagang iminamarka na sa kanila ang dikotomiya ng wikang ito at ng wikang Filipino. Nariyan din na mas gagap pa ng ilang batang ito ang akdang banyaga o mga banyagang karakter kompara sa mga Pilipinong tatak. Sa totoo lamang, napapailing ako sa tuwing nangyayari ito. *Kawawang mga bata, inilayo ng mga konyong magulang sa kalinangan na sana’y inaaral ng bata, ngayon pa lang*, ang palagi kong binabanggit sa sarili.

Hindi maitatangi na mahalaga ang pormasyon ng wikang itatatak sa bata. Ito ang magdidikta sa kaniyang patuloy na paglaki –sa kung anong mga libro ang kaniyang kahihiligang buklatin at basahin. Implisito ang ganitong katuwiran ng historyador na si Zeus Salazar. Aniya:

wika ang natatanging paraan upang matutuhan ng tao ang kulturang kinabibilangan niya at kahit na iyong hindi taal sa kaniya. Habang nasasanay ang bata sa wika ng kaniyang (ka)kultura, unti-unti siyang nahuhubog sa isip, gawi, damdamin at karanasan ng mga ito – mula sa mga pinakasimpleng kanta ng sanggol at bugtong hanggang sa mga kataas-taasang katha't likha ng diwa at kaluluwa sa sining, agham, at literatura (Salazar, "Ukol sa Wika" 63).

Mahilig ako sa bata –mula sa pagkakarga hanggang sa pakikipaglaro. Mga batang anak ng mga malalapit na kaibigan at kamag-anak. Ngunit, wala na sa mga ito ang tila nalalantad sa pagbabasa ng mga akdang pambata. Tunay na malayo na yata ito sa kinamulatan at kinabibilangan kong 21 na dantaon –panahon ng aking pagbabata. Tinatambakan pa kami noon ng aking ina ng mga story book na nasa wikang Filipino; pinapanood ng mga isina-Filipinong mga kuwento sa Grimms' Fairy Tales nina Jacob Grimm at Wilhelm Grimm na iniere ng GMA 7 tuwing umaga; sa labas makakakita ng mga tinderong naglalako ng de-sabit na blackboard at mga makukulay na chalk; at napakarami pang gunita (*cf.* Tugano, "Bata, bata" ix). Minsan, labis ko pa ngang ikinagulat ngayon ang isang 4-anyos na batang bihasa sa paglalaro ng cellphone ng kaniyang ina at nakikipag-usap sa mga kalarong dalaga't binata sa Mobile Legends. Gayundin sa pagpasok ng teknolohiya kung saan nangangambang mawaglit sa mga batang ito ang pagbabasa sa mga akdang pambata bagaman isinasalba rin naman ito kahit papaano ng ilang alternatibong paraan katulad ng YouTube. Subukang hanapin sa YouTube ang *Filipino Fairy Tales* na umabot ng 3.83 milyong tagasunod at naglalaman ng 448 ng mga kuwentong pambata na isinalin sa wikang Filipino (Filipino Fairy Tales). Gayumpaman, kailangan pa rin mailantad ang mga batang ito sa mga akdang pambata na isinulat ng mga Pilipinong awtor.

Isa sa mga dapat basahin, lalo na sa panahong ito ay ang PCP –isang akdang pambata na naglalayong ikintal sa kasalukuyang henerasyon ng mga bata, ang kahalagahan ng “pagtulong” at “pagbabahagi” sa kapwa (3). Sa panahong nilupaypay ng pandemya ang Pilipinas, hindi ito dahilan upang hindi maituro sa bata ang kaugalian at kaasalang taal sa pagkataong Pilipino. Noong 2019, bago manalasa ang COVID-19 sa Pilipinas, nagluwal tayo ng 1,673,923 na mga sanggol (PSA) samantalang 1,516,042 ang ipinanganak noong 2020 (PNA). Ito ang kabuoang bilang ng mga tinuran ni Evasco na magiging “potensiyal na mambabasa ng aklat” (Evasco, “Pag-akda at Pagkabata” 3). Wala silang muwang o malay sa pagpapahirap ngayon ng COVID-19, ngunit sa pamamagitan ng akdang PCP, ilang dekada mula ngayon, magiging responsable na sila kung papaano nila titingnan at itratrato ang yugtong ito ng kasaysayang Pilipino.

Pagsusuring Historikal Bilang Sentral na Tesis

Bagaman malikot ang pagsuysoy sa rebyung ito, pinakinis naman ito sa isang sentral na tesis na tumuon sa pagsusuring historikal. At bagaman hindi direktang isinangkot ni Navarro ang mga akdang pambata, posible pa rin itong mailapat sa lapit-historikal sapagkat nagpapakita ito ng karanasan, kaisipan, kamalayan, damdamin, halagahin, layunin, at mga tunguhin ng buong lipunan sa malalayong nakaraan na magiging kapaki-pakinabang sa kasalukuyang panahon (133). Isa nang ganap na bahagi ng kasaysayan ang COVID-19 at may talab ito sa kasalukuyang panahon. Kaya’t mahalaga rin ang dalawang klasipikasyon ni Navarro sa usaping ito – (1) kasaysayan bilang konteksto kung saan itinatrato ang kasaysayan bilang bakgawnd at (2) tuwirang pangkasaysayang representasyon na sumesentro naman sa tunay na kuwentong buhay ng mga kilalang personalidad sa kasaysayan (Navarro 134-135).

Sa ikalawang saray nabibilang ang mga akdang pambatang nilikha halimbawa ni Rene O. Villanueva –na kadalasan ay nagtampok sa buhay ng mga bayani ^[7]. Samantala, sa unang saray naman maipapasok ang nobelang historikal na *Kangkong 1896* noong 1969 (Alabado at Valino) habang ginabayan ni Teodoro Agoncillo bilang konsultant (Bolata, “Ceres C.S. Alabado” 372) at ang mga historikal na picture book ni Auggie Rivera ukol sa limang panahon ng kasaysayang Pilipino^[8] na sinuri ni Will Ortiz habang ginabayan ni Ma. Luisa Camagay (Ortiz 109-123). Samakatuwid, dito rin napabibilang ang PCP. Totoo ang kaganapan ngunit kathang-isip (o wala ngang pangalan ang mga karakter at guhit). Gayumpaman, totoo ang ginampanang papel ng kabataan at kababaihan sa panahon ng COVID-19.

Katulad ng palaisipan at birong pambata na, *Paano mo ipaliliwanag sa bulag kung ano ang kulay pula*, ang layunin ng rebyung ito. Dahil sa patuloy na nilalamon ng teknolohiya ang kabataan ngayon, ikinakatakot na mas magiging malala pa ito sa mga susunod na salinlahi. Posible isang araw, hindi na talaga mabuklat ang mga libro, partikular ang mga akdang pambata. Isinulat ang rebyung ito hindi lamang para sa kabataan ngayon, ngunit maging sa mga sanggol ngayon na kalauna’y magbabasa ng mga akda nina Evasco at Aguirre. Iniiwasang mangyari na ilang daang taon mula ngayon, sa oras na mabuklat ng susunod na henerasyon ang kanilang akda, hindi na sila maka-ugnay o hindi mawawaan ang nilalaman nito.

^[7]Tingnan bilang halimbawa ang mga akda tungkol sa kasaysayan ni Bonifacio sa Maragondon (Villanueva, “Huling Gabi sa Maragondon”); kay Gregoria de Jesus (Villanueva, “Gregoria”); Teodora Alonso (Villanueva, “Teodora”); Raha Kalantiaw (Villanueva, “Kalantiaw”); Apolinario Mabini (Villanueva, “Mabini”); Raha Soliman (Villanueva at Cruz, “Soliman”); Sampung Datu ng Borneo (Villanueva at Cruz, “Sampung Datu”); Cavite Mutiny (Villanueva at Cruz, “Pag-aalsa sa Kabite”); Josefa Llanes-Escoda (Villanueva at Santos); Melchora Aquino (Villanueva at Doctolero); Francisco Dagohoy (Villanueva at Roca); at kina Jose Rizal at Andres Bonifacio (Villanueva at Chua).

^[8]Sinipi ni Ortiz (110-123) ang mga akdang Si Diwayen, noong bago dumating ang mga Espanyol (Rivera at Lim); Si Segunda, noong panahon ng mga Espanyol (Rivera at Roxas); Si Juanito, noong panahon ng mga Amerikano (Rivera at Tejido); Si Pitong, noong panahon ng mga Hapon (Rivera at Nada); at Si Jhun-Jhun, noong bago ideklara ang Batas Militar (Rivera at Vallerstero).

O ‘di kaya’y wala nang halos nalalaman dahil sila ang mga batang iniluwal ng kasalukuyang henerasyon na nakararanas ng suliraning pangkalinangan. Katulad ito kung papaano nagiging inosente

ang ilang kabataan sa mga larong turumpo, saranggola, crush gear turbo, Beyblade, pogs, at teks. Sa madaling salita, ang rebyung ito ay magsisilbing “pagsalba” o kung hindi man, “paghahanda” para sa susunod na salinlahi –na tungkol saan at ano ang mga ipinapakita ng PCP. Paano ipaliliwanag sa susunod na henerasyon kung ano ang ibig sabihin at kahalagahan ng mga larawan at teksto ng PCP?

Naglatag ng sampung gabay sa pag-aaral ang PCP:

1. Ikuwento mo ang iyong **paboritong puno**.
2. May **paborito ka bang prutas**? Bakit mo ito paborito?
3. Ano ang sustansiya ng **paborito mong prutas**?
4. Bakit hindi maaaring sumama ang mga bata sa kanilang nanay papuntang community pantry?
5. Tukuyin ang **ambag ng taumbayan** para sa community pantry.
6. Tukuyin ang mga paraan ng pag-iingat ng mga tauhan sa kanilang kalusugan.
7. Paano sinorpresa ng mga bata ang kanilang nanay sa wakas ng kuwento?
8. Ano-ano ang mga natutuhan mo sa kuwento?
9. Kung magtatayo ka ng community pantry, ano-ano ang gusto mong laman nito?
10. Ipaliwanag: “Magbigay ayon sa kakayahan. Kumuha ayon sa pangangailangan.” (akin ang diin) (32).

Mula sa mga piling gabay, magsisilbi rin itong preskripsyon para sa pagsusuring historikal na hinati sa apat na mahahalagang bagay na nais kong bigyan ng pansin sa akdang PCP. Sa kung papaano mabubuhay sa mga susunod na henerasyon ang historikal na kahalagahan ng (1) kaasalang Pilipino; (2) pagpapahalaga sa kababaihan at kabataang Pilipino sa panahon ng pandemya; (3) pagkabayani ng kabataan; at (4) iba pang kahulugang maaaring matalisod sa bawat pahina ng akdang ito.

1. Itinampok ng PCP ang kaasalang Pilipino

Pagpapayaman ng moralidad ng pagkaPilipino ang primaryang layunin ng PCP. Sinalungguhan nito ang ipinapataw na tungkulin para sa mga magulang, guro, at tagapag-alaga ng bata (Evasco at Aguirre 3) na silang mag-aatang sa pormulasyon ng kaisipan ng mga bata. Sa isang sisipiing pahayag ni Fajilan sa kaniyang *Pananalig sa Bata*, nabanggit niyang namamana ng anak ang estadong panlipunan ng kaniyang mga magulang at ito ang isa sa mga pangunahing katangian ng pamilyang Pilipino sa panahong katutubo (53). Tunay ang pagpapaalala ng PCP dito:

Mahalagang ituro sa mga bata ang pagtulong at pagbabahagi sa kapwa. Sa pamamagitan nito, nagiging mabuting kaibigan ang bata at napapaunlad ang kaniyang pakikiisa sa isang pamayanan at bansa. Matututuhan ng bata ang halaga ng pagbibigay kapag nakikita niya ito sa tahanan at sa pamayanan. Maaaring masaksihan ng bata ang diwa ng ambagan at bayanihan sa panahon ng mga sakuna. Matututo ang bata mula sa mga gawain ng nakatatanda. Magandang halimbawa ng bayanihan ang pagkakaroon ng community pantry sa panahon ng pandemya. Mula sa makasaysayang community pantry sa Maginhawa Street, kumalat sa bansa ang diwa ng pagtutulongan at pag-agapay sa kababayan. Layunin ng aklat na ito na parangalan ang lahat ng mga nagtaguyod ng mga community pantry sa Pilipinas (akin ang diin) (Evasco at Aguirre 3).

Malinaw ang layunin ng PCP na itampok ang konsepto ng kapwa at bayanihan. Pundasyon ng pagkatao ang kapwa. Ang kapwa, bilang isang konsepto ay hindi lamang tumutuon sa simpleng pagpapataw ng pagpapakahulugan bilang *iba sa sarili* bagkus nakaugat ito sa kamalayang mayroong iisang identidad na nagdurugtong sa “*sarili*” at sa mga “*liban sa sarili*.” Ayon kay Enriquez sa kaniyang *Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology*, sa kapwa, ang ako (ego) at iba sa akin (others) ay maituturing na iisa. Hindi naiiba ang *ako* sa *aking kapwa* (26). Ngunit kung sakaling isipin ng ako na iba ito o magkaiba sila ng kaniyang *kapwa*, itinatakwil nito ang konsepto ng *kapwa o pakikipagkapwa*. Kaya korelatibo ang ugnayan ng *pakikisama* bilang isang uri ng malawak na *pakikipagkapwa*. Taal sa kaasalang Pilipino ang *pakikisama* na mayroong kakayahang magbigay ng suporta at simpatiya sa kaniyang kapwa (Jocano, “Developing a Filipino Corporate”). Kaya’t matagumpay itong naituro ng PCP sa mga bata. Bilang bahagi ng *pakikipagkapwa*, nakita kung papaano nagbigay ng pagkain ang mga nanay (18), ang isang matandang lalaki (20), at ang isang bata (22) para sa Community Pantry. Idiniin ng PCP na ang pakikipagkapwang dapat mabatid ng kabataan ay pagtutulongang hindi nasusukat ng kasarian, edad, at katayuan sa buhay –lahat ay may kapasidad na tumulong sa kapwa.

Ipinakita ng PCP ang malawak na entablado ng bayanihan sa anyo ng mga Community Pantry. Sentro ng bayanihang ito ang larawan ng malayang nagtutulongan ang mga Pilipino (31). Makikita ang karatulang *Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha ayon sa pangangailangan*. Ang siklikal na kaasalang Pilipinong ito ay mababakas sa iba’t ibang pamayanan dito sa Pilipinas. Patunay ang *U.P. Diksiyunaryong Filipino* ni Virgilio Almario na nakapagtala ng iba’t ibang terminolohiya para sa *ambagan* at *bayanihan*:

alayan [Waray] (22); *ammoyo* [Ilokano] –pagtutulongan ng magkakapitbahay upang mapadali ang trabaho (35); *araglayon* [Sebwano-Waray] (52); *batis* [Tagalog] (106); *bulig buligay* [Bikolano-Hiligaynon-Ilokano-Sebwano-Waray] –kapareha, katuwang, katulong (141); *hungos* [Sebwano] bayanihan (345); *patabang* [Hiligaynon] bayanihan

(663); *pagtabangan* [Bikolano] bayanihan (630); *pintakasi* [Tagalog] pagsasabong kaugnay ng pista; *taghawa*, *tagup*, at *tinabangay* [Sebwano] bayanihan (894); at *yaru* [Ivatan] bayanihan (955) (Almario).

Gayundin, kabilang ang bayanihan sa tatlong larangan ng pagdadamayán—kasama ang *alinga* (tuwirang pagmamasid, pagbabantay, at pagtanaw) at *kabalaka* (pagmamahal at pagbibigay ng atensiyon (Villan 29-30). Isa pa, hindi lamang loob/niloloob at/o emosyon ang pagdadamayán o pagmamalasakit sa kapwa. Ngunit, isa itong matuwid at nakagapos na tungkulin para sa kapwa. Ang ganitong manipestasyon ay mababanaag sa *mangisayak* o *mangisakit* ng mga Kalinga; *saklong* ng Pampanga; *pagkamakulog* ng Bikol; *pagtambulig* ng Samar; *pag-atiman* ng Bohol-Cebu; *pag-atipan* o *pag-ulikid* ng Panay, Negros Occidental, at Romblon; *keurayna* ng Maguindanao; at *panambangi* o *panghimmati* ng Sulu (Villan at Abaya-Ulindang 12).

Iniugat at sinipi ang samo't saring kahulugan o tumbasan para sa bayanihan gamit ang iba't ibang etnolingguwistikong wika upang (1) malaman ang kasaklawan ng bayanihan sa kaasalang Pilipino sa kabuoan at (2) upang maunawaan kung bakit mabilis na lumaganap ang Community Pantry sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Ang mga konseptong inisa-isa sa itaas ay siyang dahilan kung bakit umandar at/o dumaloy ang diwa ng pakikipagkapwang Pilipino sa anyo ng Community Pantry ngayong pandemya. Ibig sabihin, nagkaroon ng Community Pantry halimbawa sa Capiz dahil sa malalim nilang paniniwala sa *patabang*; nagkaroon ng Community Pantry sa Samar dahil sa pagkakagapos nila sa konsepto ng *pagtambulig*, at iba pa. Kung gayon, bagaman bilingguwal (Filipino at Ingles) ang PCP, magagarantiyang niyakap ng akdang ito ang multi-etniko at multikultural na uri ng lipunang Pilipino. Kahit sabihin nasa dalawang wika lamang ito naisusulat, mahuhugot nito ang simpatiya ng iba't ibang etnolingguwistikong pangkat na babasa rito, dahil mayroon tayong pare-pareho at pinagkasunduang karanasan sa pandemya at pagdadamayán. Posible pa nga, maaaring tingnan ang potensiyal na maisalin ang akdang PCP sa iba pang mga wika sa Pilipinas—i.e. Waray, Ilokano, Bikolano, Sebwano, Hiligaynon, at iba pa.

2. Pagsakay ng PCP sa halaga ng kababaihan at kabataan ngayong COVID-19

Sentro rin ng PCP ang naratibo ng kababaihan at kabataan. Mula sa inahing manok kasama ang kaniyang dalawang inakay (1) hanggang sa pagpapamalas ng isang bata (11, 20, 22, 27, 30-31), mga bata (12, 15), isang nanay (11, 14, 17, 23, 26, 28, 30), at mga nanay (18, 24-25, 31)—naitampok nang paulit-ulit ang estetika ng pagiging ina at bata, higit sa lahat, ng mga babae sa kabuoan. Madalas na hindi nabibigyan ng tuon ang mahahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan at kabataan sa kasaysayan.

Kaya't mahalaga ang ilang pag-aaral ni Asuncion ("Pagtaliwas o Pagtalima," "Ilang Pagpapakahulugan," "Mga Kabataang Tauhan"), na nasa wikang Filipino, hinggil sa ginampanan ng kabataang Pilipino sa kasaysayan.

Marami ring konsepto ang maaaring idugtong sa usaping pangkasarian ng lipunang Pilipino. May ilang kumakatig sa matriyarkal o matrisentriko, patriyarkal o patrisentriko, at tradisyonal na pagtanaw ngunit kung tatasahin, idinikta lamang ito ng esteriotipo at/o mapaghiwalay na pag-iisip ng ilang Pilipino. Kung tutuosin, magkasama at hindi nagkakahiwalay o egalitaryado ang tungkulin ng mga babae at lalaki sa kasalukuyang panahon. Malinaw din itong ipinaliwanag sa ilang rebyu sa akdang pambata ukol sa kababaihan (Santos 75-88). Iyon lamang, madalas na nakakulong pa rin kung minsan sa atrasadong paniniwala –hinggil sa “primaryang tungkulin” ng mga ina sa gawaing pantahanan, pag-aalaga ng mga anak, pagbabadyet ng gastusin, at pagdidisiplina sa mga anak na babae. Samantala, ang tradisyonal na tungkulin ng mga ama ay maghanapbuhay at turuan ng mabuting asal ang mga anak na lalaki. Kung gagamitin ang lente ng *structural functionalism*, ang lipunan ay tinitingnan na parang metapora ng katawan na mayroong iba't ibang bahagi at ang bawat bahagi ay mayroong karampatang gampanin. Tinutugunan nito ang balanseng gampanin ng dalawang entiti sa bawat lipunan.

Bagaman nabanggit sa kasaysayan, ngunit hindi pa gaanong naitatampok noon sa mga sulatin ang espesipikong tungkulin ng mga babae at ng mga bata sa produksiyon –dulot ng ilang mga positibista at sexistang manunulat. Kung tutuosin, patunay na hitik ang ambag ng mga babae sa kasaysayan –sa mga pag-aaral na lumabas at/o nailathala sa kasalukuyang panahon (cf. Kimuell-Gabriel 4-61). Sa pagsibol ng panahong kolonyal halimbawa, sa ilalim ng Kalakalang Galyon (1565-1815), apektado ang mga babae gayundin ang mga katuwang na anak sa tuwing bumabagsak o nalulugi ang produktong inilalako ng mga lalaki sa industriyang ito (Legarda 287, 335) sapagkat sila ang mga tagagawa ng mga produkto. Gayundin sa Monopolyo ng Tabako (1782-1882) –kung saan ang mga babaeng edad dalawampu pataas (Camagay 510) ay gumanap bilang mga *cigarrera* o tagagawa ng mga sigarilyo (Jose 33-34), kasama ang kanilang mga anak. Ito marahil ang dahilan kung bakit natutong manabako ang mga bata noon (de Jesus 99-100). Bagaman marami pang kabuhayan ang kinasangkutan ng mga babae at bata sa panahong kolonyal, walang batas ang promotekta sa kanilang karapatan. Halimbawa, ang 1885 Code of Commerce ay nagpahintulot noon sa kababaihan na humawak ng negosyo ngunit nasa ilalim pa rin ng pangalan ng asawang lalaki (Taguiwalo 52).

Kaya't ganito kinikilala ng Marxismo ang kahalagahan at partisipasyon ng mga babae (at mga bata) sa paggawa. Sinipi ni Taguiwalo sa kaniyang *Babae, Obrera, Unyonista* ang paniniwala nina Marx at Lenin na hindi kailanman magkakaroon ng dakilang panlipunang pagbabago kung hindi isasama rito ang gampanin ng kababaihan (123). Gayundin sa *The Origin of the Family, Private Property, and the State* ni Engels noong 1884 –na dumidiin sa kahalagahan ng babae (at mga bata) sa paglikha ng samo't saring pangangailangan ngunit itinuturing na bahagi ng family labor na kadalasang kinakatawan ng kalalakihan (Taguiwalo 124-125). Tunggalian ng uri ang madalas na tuon ng Marxismo-Feminismo na kung saan tinututulan ang pagiging *oppressed* ng sektor ng kababaihan sa dominasyon ng estado o sa piyudal at patriyarkal na ideolohiya at sistema ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit sa lipunang Pilipino ay magkasangga ang boses ng mga babae at lalaki. Isang halimbawa rito ay ang Jeepney Strike sa hanay ng mga lalaking tsuper, na naganap noong Oktubre 2017. Isinusulong nila ang kanilang hinaing at karapatan hinggil sa planong Phase Out ng pamahalaan sa kanilang dyip (BBC News). Kasamang nakibaka rito ang kababaihan (kanilang mga asawa). Ngunit, sa isang insultong pahayag ng mamamahayag na si Mike Enriquez, kinuwestiyon niya ang pakikilahok ng mga babae (sa representasyon ng Gabriela Partylist) sa nasabing strike. Sinagot ito ng sosyolohistang si Gerardo Lanuza na pinagdiinan ang konsepto ng *Social Solidarity* ni Durkheim na tumutukoy sa *interdependence between individuals in a society* (123-140). Sa isang post ng Page Index sa Facebook noong 2017, ganito ang naging tindig ni Lanuza:

Bobo talaga tong si Mike Enriquez! Bakit daw andun ang Gabriela sa strike sa Cubao! Dapat daw ay drivers lang. Wala ba siyang alam sa social solidarity? La Salle ka pa naman ang gago ng analysis mo. Ang mga nanay po ay apektado rin ng phase out ng jeep dahil ang mga asawa nila ay jeepney drivers. Ang mga anak nila ay sumasakay sa jeep. Mag DJ ka na lang Mike Enriquez. You are not qualified to do a social analysis. Or, just shut up if you have nothing to contribute to public discourse other than common sensical interpretation (Lanuza as cited by Page Index).

Kaya't dito masusumpungan ang Social Solidarity sa pagitan ng mga mag-asawang Pilipino. Ipinapaliwanag nito na ang kahirapang maaaring danasin ng mga tsuper (mga lalaki) ay dominong makaaapekto rin sa kanilang pamilya (mga bata) at lalo na sa kanilang mga asawa (mga babae). Sa akdang PCP, kapansin-pansin ang larawan ng isang dyip (19). Sa unang sipat, katabi ng puno ng saging, nakatiwangwang lamang ito, nakaparada, o animo'y hindi ginagamit. Masalimuot ang kalagayan ng mga tsuper ngayong COVID-19. Sa unang hagupit ng pandemya, nagkaroon ng pagbabago sa transportasyon alinsunod sa isinusulong ng Rationalized Bus Transit ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), kung saan sa Metro Manila, ang noo'y 80 (Lin) o 96 (Ugay *et al.*) na bilang ng mga orihinal na ruta ng mga

pampublikong transportasyon, ngayong pandemya ay naging 31 na lamang. Para sa 55,000 na bilang ng mga dyip noon –ang pinahintulutan bumiyahe ay 2,000 lamang (Pamintuan; Tugano, “Sakit ng Loob” 151-152). Higit na nahirapan dito ay ang mga nagmamay-ari ng lumang dyip na mayroong restriksiyon sa pandemya. Marami sa kanila ang nawalan ng pagkakakitaan, dahilan upang ang ilan sa kanila’y mamalimos sa lansangan. Naging biktima rin sila ng militarisasyong solusyon laban sa pandemya. Matatandaan noong Hulyo 27, 2020, inaresto ng awtoridad ang ilang tsuper na nagsagawa ng kilos-protesta sa U.P. Diliman (Talabong). Samantala, may ilan sa kanila ang lumaban upang mabigyan ng suportang pinansiyal at tulong ng pamahalaan (Aspinwall). Ngunit, sa halip na tulungan at pakinggan ang kanilang hinaing, ang ilan sa kanila ay dinakip at inaresto pa.

Lilitaw dito ang Social Solidarity na sinasabi ni Durkheim at pinagdiin ni Lanuza –apat na taon nang nakalilipas. Malaki ang naging epekto ng kawalan o restriksiyon sa biyahe para sa kanilang mga asawa (mga babae) at buong pamilya (mga bata). Ayon sa akdang *Struggles of Filipinas amidst the COVID-19 Pandemic*, pinaralisa ng pandemya ang halos 3.5 milyong kababaihan at asawa na nakadepende ang hanapbuhay sa karinderya at sari-sari store. Ang hanay ng kababaihan ang kauna-unahang nawalan ng oportunidad na makapaghanapbuhay noong pandemya (Leyesa at Flores-Obanil). Karamihan sa kanila ay kumatig sa “diskarte,” nariyan ang mga pagsisimula ng online selling o paghahain ng mga home services katulad ng paglalaba at paglilinis. Ito ang malinaw na nais iparating ng PCP sa mga mambabasa. Palaging lumalabas ang nanay upang humanap ng pagkain, pera, o anomang makukuhang biyaya mula sa labas. Kung saan, anila, hindi maaaring isama ang mga bata sa pangangalap na ito ng kanilang mga nanay.

Pagkatapos ng mga nanay, susunod na kikilos ang kabataan. Mula sa pusod ng PCP, lilitaw ang Community Pantry. Isa itong malinaw na ebidensiya ng bayanihan o pagtutulungan kung saan malayang makapagbibigay at kumuha ng kinakailangang pagkain ang kahit na sino. Para sa ilang kritiko, ebidensiya ito ng pagkukulang ng pamahalaan upang tugunan ang pangangailangan ng ilang tao (Cabato) –posible sa pagkain, trabaho, at iba pang pangunahing pangangailangan. Ayon sa sosyolohistang si Presto ng U.P. Diliman, ang mga Community Pantry ay isang tugon sa tatlong bagay. Aniya, *community pantries can be seen as acts of resistance against three things: first, against a government that fails to adequately address citizens’ needs; second, against a biased and discriminatory view of the poor as selfish and greedy; and third, against aid initiatives from institutions that are difficult to trust* (Presto as cited by Valenzuela). Gayumpaman, sentro rin ng nasabing Community Pantry ang sektor ng kabataan. Halimbawa rito ay ang Maginhawa Community Pantry na binuo mula sa isang ganap

na pagkilos at hindi lamang payak na “salita” –upang makatulong sa bayan (Mendoza). Pinagunahan ito ng kabataang nangangalap ng salapi at mga pagkain mula sa ibang tao, nang sa gayo’y maiabot ang nasabing tulong sa mga kapos-palad o walang kakayahang bumili dulot ng pandemya. Sa kasamaang palad, hindi ito pinalagpas ng awtoridad. Matatandaang tumigil panandalian ang operasyon nito sapagkat niredtag ang Community Pantry (Bolledo) at ilang kabataan. May ilang pagkakataon pang pinupuntahan sila ng awtoridad upang tanungin kung sino ang nagkaroon ng inisyatiba upang simulan ang ganitong pagtulong bagaman inamin din ng awtoridad na ginawa nila ang ganitong pagsusuri at pagtatanong (Abad; Bolledo). May paniniwala ang awtoridad, anila, sa bawat pagkaing ibinibigay ay kalakip ang “nakalalasong” pahayag laban sa pamahalaan (Gotinga). Nakalulungkot lamang isipin na sa kabila ng pagkakaisa at pagtutulungan ng kabataan, itinuring pa rin itong ahente ng pagtulisga.

3. Bayani ang kabataan ngayong pandemya!

Yamang nabanggit sa PCP ang bayanihan, kaya’t karugtong din nito ang bayani. Bagaman matagal nang naisulat ni Evasco sa kaniyang *Ang Bata sa Pagtuklas ng mga Bayani*, kailangan pa rin nating malaman ang progresong namayani rito sa kasalukuyang panahon. Aniya, kinakailangan ng isang bata ang titingalaing bayani na kadalasang makikita lamang sa mga akdang pambata. Mahalaga ang bayani sa mga akdang pambata dahil magsisilbi itong halimbawa ng mga unibersal na katangian at magiging huwaran na rin ito sa mga mambabasa (Evasco, “Ang Bata sa Pagtuklas” 85-86). Labing-anim na taon na ang nakalilipas nang banggitin ito ni Evasco ngunit tila tumataliwas na ito sa nangyayari ngayon. Tila limitado na ang kilalang bayani ng kabataan ngayon sa kadahilanang (1) wala nang nababasa pa ukol dito at (2) kinakatay na rin nang paunti-unti ang Philippine History sa kasalukuyang kurikulum –na halos built-in na ang sistema ng pagtuturo sa kabataan (Tugano, “Ang Noli” 13, 45). Isama pa ang tila ‘di-makatarungang pagbansag ng “MaJoHa” sa tatlong paring sina GomBurZa (Antonio) –ngayon pa mismo sa kanilang ika-150 taong anibersaryo ng kamatayan. Sa Philippine History at Literatura lamang maaaring mabasa at matutuhan ng mga bata ang mga bayani. Hindi katulad ng aming henerasyon, na kung saan napapanood pa nga namin ang Bayani TV Series na umere noong 1995 hanggang 2002 at ang mga flashcards sa National Bookstore tungkol sa buhay ng mga bayaning Pilipino –na kapwa hindi na makikita ngayon! Ayon kay Riosa, nilalayon ng Bayani TV Series na matulungan ang 7 hanggang 12 taong gulang na bata na magkaroon ng kaalaman tungkol sa buhay ng mga bayaning Pilipino at paggamit sa kabayanihan upang paunlarin ang sarili (12). Ngunit, ang 7 hanggang 12 taong gulang na kabataang tinukoy ni Riosa noong 1997 ay malayo na marahil sa lagay ng kasalukuyang henerasyon. Kung hindi limitado ang kaalaman sa mga bayaning Pilipino, higit na kilala

marahil ng kabataan ang mga *superhero* ng Kanluran. Tingnan bilang halimbawa ang imitasyon ng kabataan sa katauhan nina Wonderwoman, Batman, Spiderman, at Superman –gayong maraming bayaning nilikha ang ating lipunan –mitikal o sa totoong buhay man.

Hindi tukoy kung saan patungo ang konseptuwalisasyon ng bayani sa kamalayang Pilipino ngayon dahil patuloy na nagbabago ang imahen ng isang bayani. Ngunit nagagarantiya ko na umusbong ang panibagong kahulugan at uri ng bayani sa hanay ng kabataan ngayong pandemya. Katulad ng nabanggit sa itaas, itinampok ng kabataan ang kanilang sarili upang bumuo ng Community Pantry na siyang magbibigay ng kalinga at tulong sa kanilang kababayan. Ito marahil ang nais ipahiwatig sa atin ng PCP –na sa kabila ng nanganganib na mawala ang pagkilala ng kasalukuyang kabataan sa mga “bayani ng nakaraan” (na dulot ng kanilang sariling panahon), luminang ng panibagong pagpapakahulugan ang kabataan sa konsepto ng bayani (“bayani ng kasalukuyan”). Siyempre pa, ang kabayanihan ng kabataang ito ay dulot din ng pangangailangan ng kanilang bayan at panahong kinamulatan (ang pandemya).

Akmang tawagin na bayani ang kabataan ngayon. Katulad na sila ng mga Austronesyanong kataga na *bagani*, *bahani*, *barani*, o *magani*. Kung gagamitin ang tinuran ni Salazar sa *Heroe at Bayani: Dalawang Magkasalungat na Sikolohiya* noong 1996, maipapasok talaga ang kabataang bumuo ng mga Community Pantry sa kategorya ng isang pagiging bayani. Ayon kay Salazar, ang bayani ay tumutukoy sa isang tao o grupo ng mga taong nagkukusang makipagtulungan nang walang hinihintay na bayad o kapalit lalo pa kung ito ay isang gawaing para sa komunidad na kaniyang kinabibilangan; kumikilos kasama ng bayan; at naka-ugat mismo sa sariling bayan (Salazar, “Heroe at Bayani”). Taliwas aniya ito sa Kanluraning konsepto ng heroe na madalas na nag-iisa, may bantayog, at tinitingala ngunit hindi kasama ang bayan sa pakikipaglaban.

4. Iba pang historikal ngunit kubling mensahe ng PCP sa mga mambabasa

Katulad ng isang larawan ng nakatiwangwang na dyip (19), na aking pinalawig at iniugnay sa suliraning panlipunan ng mga Pilipino ngayong pandemya, ganito ko rin bibigyan ng historikal na pagpapalalim at paglalahad ang iba pang bagay na makikita sa akdang PCP. Hindi naman isisipi o ilalakip ang isang konsepto (sa anyo halimbawa ng mga ilustrasyon o guhit at representasyon) kung hindi nito inilalarawan ang kabuoang lipunan. May historikal na kahalagahan ang lahat ng bagay sa mundo. Sa ganang ito, tatlo ang binigyan ko ng pagpapaliwanag –(1) ang mga hayop na inilagay bilang ilustrasyon; (2) mga puno at bunga nito; at ang (3) napapanahong

representasyon sa “nagkukumpulang babae” na magdadala sa panganib ng sexismo at esteriotipo.

4.1 Kahayopang Pilipino sa PCP

Inilatag at ipinaalala ng PCP ang mga hayop na tatak ng pagkaPilipino. May pitong species ng mga hayop ang nabanggit –tutubi o alitonton (*Anisoptera*) (4); maya (*Passeridae*) (6, 8); tipaklong (*Gomphocerinae*) (10); paru-paro (*Rhopalocera*) (14); manok (*Gallus gallus domesticus*) (20-21); pusa (*Felis catus*) (11, 23-24); at aso (*Canis lupus familiaris*) (18, 25-26). Bukod sa talamak itong makikita sa ating kapaligiran, naging malaking bahagi ito sa buhay ng bawat batang Pilipino. Noon bago pumasok ang panahon ng teknolohiya, madalas na masisilayan ang kabataang nilalaro o naglalaro kasama ang mga pinaglalaruan, inaalagaan, o maging mga hinuhuling hayop. Katulad ng binabanggit ni Jocano, nilalaro ng ilang kabataan ang mga bagay na makikita sa kanilang paligid (Jocano, “Growing Up” 41-42), dulot aniya ito ng kahirapan ng karamihan sa mga pamilyang Pilipino na walang kapasidad na bumili ng mga laruan. Ngunit, talamak sa mga batang ito ang panghuhuli ng mga gagamba (*Araneae*) o mga *gagambang bahay*, na kanilang inilalabas mula sa kaha ng posporo at doo’y pinaglalaban-laban. Madalas silang makikitang nagsisigawan sa mga plaza dulot ng nasabing libangan (Matejowsky 150, 152). Liban sa gagamba, minsan nang nilaro ng kabataang Pilipino ang salagubang (*Phyllophaga*) na kanilang pinalilibutan ng sinulid at sabay na ihahagis upang makalipad. Kaya’t naipasok na rin ang gagamba sa akdang pambata. Isang halimbawa rito ay ang akdang *Alamat ng Gagamba* (Matias at Bascon). Sa abot ng aking nalalaman o baka aking makaligtaan at/o mapagkamalian, wala pang naisusulat na akdang pambata patungkol sa salagubang. Gayumpaman, ang representasyon o depiksiyon sa gagamba at salagubang ay wala sa PCP.

Ngunit, makikita sa akda ang tutubi at tipaklong na minsang naging kalaro ng mga bata. Noong dekada 1980 at 1990, talamak ang panghuhuli sa mga tutubi (*alindanaw* sa mga Bisaya Cebuano). Tunay na nakaaakit ito sa mga bata sapagkat animo’y *helicopter* ang kaniyang hitsura at tunog. Tinuruan ng mga tutubi ang mga bata upang matutuhan ang konsepto ng tiyaga (*patience*) at pagpopokus (*concentration*) (Eslit) sa isang bagay –sa kadahilanang mailap ito at mayroong kahirapang hulihin. Bago mahawakan o mahuli ang buntot nito, maraming mga taktika at lokomosyong inaaral ang mga bata noon. Gayundin, pagtakbo-takbo at paghabol-habol ang itinuro ng mga paru-paro sa mga batang nais mahuli ito. Katulad ng mga tutubi o paru-paro, mahuhuli rin ang tipaklong sa sarili nitong buntot. Kung mabigo ang mga bata na mahuli ito, sila namang maghahabol sa mga insektong ito. Isang bagay na nagturo sa bata kung papaano tumakbo, humabol, at maging maliksi. Dahil sa laganap ang mga insektong

ito sa kapaligirang Pilipino, hindi nakapagtataakang naging laman o bida na rin sila sa mga akdang pambata. Halimbawa rito ay *Ang Hardinerong Tipaklong: Kuwentong Gintong Salakot* (Torres-Yu at Tejido); *Ang mga Unggoy at ang mga Tutubi* (Lingo); *Si Langgam at si Tipaklong* (Almario at Gamos); *at Alamat ng Paruparo* (Matias at Alvarado).

Larawan din ng pagkaPilipino ang ibong maya. Sa mga lunsod o kanayonan, palagi nating makikita ang mga ibong ito. Sa lahat marahil ng mga batang Pilipino noon ay nag-iisip at nangangarap na mahuli ang ibong ito sa kanilang mga kamay. Minsan nang naging pambansang ibon ang maya bago natin makilala ang agila (o Haribon). Nangyari ang transisyong ito noong panahon ng administrasyong Fidel Ramos na noo’y naghahanda para sa 1998 Sentenyal ng Kalayaan ng Pilipinas. Sa isang maikling artikulo ni Baños na *The Pinoy Is a Maya, not an Agila* noong 2018, iginiit niyang larawan ng tunay na Pilipino ang maya. Aniya, ang mga maya (*mayang pula*) ay dapat na maging representasyon ng mga Pilipino –larawan ito ng pagiging mapagkumbaba (*humble*) na makikitang nakikihalubilo sa mga tao; matipid (*frugal*) o hindi nag-aaksaya; at mapagbigay (*generous*) sa tuwing tumutuka ng pagkain kasama ang iba pang mga ibon (Baños). Hindi katulad ng agila na mailap, nandadagit ng maliliit na hayop (representasyon ng pagiging sakim at mapang-api); at hindi nabubuhay kung hindi nakatira sa kagubatan (na hindi katulad ng maya na nakikipamuhay sa kabahayang Pilipino). Sa katunayan, malaki ang aking hinala na kinasangkapan ang agila sa politikal na propaganda kung bakit ipinalit ito sa tatlong bayaning Pilipinong nakamarka sa P1,000 piso (Tugano, “Numismatikong Pag-aaral” 73-75). Gayumpaman, hindi rin natin kailangang gawing antagonistang agila sa mata ng mga batang Pilipino. Sa halip na itatak sa kanila ang larawan ng agila bilang simbolo ng kapangyarihan, ituro sana ang kahalagahan nito sa panitikang Pilipino. Matatandaang si Manaul (Haribon) ang siyang tumuka at nagbiyak sa kawayan upang sabay na lumabas ang unang lalaki at babae na sina Si-Kalo at Si-Kalay (Punongbayan 12).

Itinampok din sa akda ang mga domestikadong hayop katulad ng pusa at aso.^[9] Natural lamang para sa mga batang Pilipino ang pag-aalaga at pakikipaglaro sa mga alagang pusa at aso. Sa mga talang pangkasaysayan, mababasa sa *The Expedition of Ruy Lopez de Villalobos*, 1541-46 noong 1548, kasama sa mga kinain ng kaniyang plotang dumating sa Sarragan (Sarangani) ay ang pusa, upang maibsan ang labis na kagutomang (WA 65). Masusundan ito sa tala ni Miguel de Loarca sa *Relacion de las Yslas Filipinas* noong 1582 na nagsasabing kasa-kasama ng mga Lutaos (sa Mindanao) ang mga pusa sa bangka habang sila’y nangingingisda (Loarca 61). May paniniwalang mu-

^[9]Tingnan ang pinakabagong pag-aaral ukol sa kasaysayan ng aso sa Pilipinas (Alfonso).

la sa Europa ang mga pusa. Posibleng tingnan na ang pusa ay naidala sa Pilipinas noong 1521 kung kailan dumaong ang plota ni Magellan sa kapuluan (Heming). Lehitimo ito sapagkat kinakailangan ng bawat barko ang mga pusang manghuhuli sa mga dagang pumepeste sa mga dalang pagkain ng plota. Ang pagiging dayo ng mga pusa ay masususugan sa pagsusuring pampanitikan ni Eugenio. Ayon sa kaniyang *Philippine Folktales: An Introduction*, binanggit niyang unggoy ang madalas na nakakatulong o tumutulong sa mga tao, batay aniya sa iba't ibang bersiyon ng akdang pampanitikan sa Pilipinas. Taliwas ito sa pusa na representasyon ng popular na *Puss-in-Boots* halimbawa, na talamak sa mga akdang Pranses, Italyano, at Aleman (Eugenio 165). Hindi katulad ng pusa, malinaw na taal sa Pilipinas ang mga aso. Sa arkeolohikal, lingguwistiks, at historikal na pagpapaliwanag, pinatutunayan na ang aso ay domestikadong alaga na ng Malayo-Polynesyano o Austronesyano na kinabibilangan ng Timog Silangang Asya at Pilipinas (Bellwood 106; Horridge 143-144). Gayundin sa epikong Ilokano na *Biag ni Lam-ang* kung saan malaki ang ginampanang papel ng kaniyang alagang aso na nagtataglay ng kapangyarihan at nakapagpapanumbalik ng isang nasirang bahay ang kahol nito (Manuel 13).

Panghuli, ipinaalala sa atin ng akda ang mga manok. Sa unang pahina pa lamang ng aklat, masisilayan na ang larawan ng isang inahing manok kasama ang kaniyang dalawang sisiw (1). Mahalaga sa batang Pilipino ang manok. Karamihan sa kanila ay nakikipaglaro rito o di kaya'y nakikipaghabulan. Kung minsan, isang tatak na ng pagiging “pagkaing pambata” ang *Fried Chicken*. Ngunit, matagal na rin ang presensiya ng hayop na ito sa lipunang Pilipino. Tinatayang bitbit ng mga Austronesyano sa kanilang malayoang migrasyon ang manok (Zerega et al. 760; Lasco 26; Charles). Iniwasan o hindi kinakain ang manok lalo na sa Polynesyang Pranses at iba pang pamayanang Austronesyano sa paniniwalang sagrado ito o isinugo, kung hindi man, kumakatawan mismo sa kaitaasaan o sa Diyos (Salazar, “Liktao at Epiko” 59-63; Lasco 27).

4.2 Puno't bunga sa PCP

Liban sa mga hayop, naitampok din nina Evasco at Aguirre ang mga punong namumunga sa lipunang Pilipino. Bagaman maraming ilustrasyon ng puno ang masisilayan sa akda, apat lamang ang aking natukoy at nabigyan ng pagpapahalaga – (1) kaimito (6); (2) makopa (6); (3) saging (19); at (4) papaya (20). Ngunit sa apat, ang unang dalawa ang naitampok nang husto sa PCP. *Masipag ang kaimito, mabunga ang makopa* (6-7) at ito'y sinusungkit-sungkit pa ng mga bata (11-12). Mahalaga ang mga puno sa buhay ng isang bata. Naglalaro at sumisilong dito ang kabataan; ang mga nalalaglag na sanga nito ay ginagawang espa-espadahan; nagsusungkit sila ng mangga

tuwing naliligo sa ulan sa paniniwala nilang masarap ito kainin habang umuulan; tampok ang bunga ng aratilis (*Muntingia calabura*) dahil sa tamis nito; at kung anu-ano pang karanasan ng pagkabata kapiling ang mga puno. Maipapasok pa rin dito ang nagbabagong panahon ng kabataan sa kasalukuyan. Ang hindi habitwal na paglalaro sa labas dulot ng labis na pagkakagapos sa teknolohiya ay magbubunga nga rin marahil sa kabataan na hindi nito makilala ang kaniyang kalikasan. Kaya't dito naging mahalaga ang isang akdang pambata na iniluwal din ngayong pandemya –ang *Dr. Dapdap: The Healing Tree* (Eusebio-Abad at Torres), kung saan ipinapakilala niya rito ang mga katutubong puno ng mga Pilipino.

Taal sa lipunang Pilipino ang makopa (*Syzygium samarangense*). Naging bahagi ito ng kasaysayang pasalita o bugtong ng mga Pilipino, *Batingaw ng bayan, kulay ay may kapulahan*, na naisalin-salin sa iba't ibang henerasyon. Tinatayang nagmula ito sa Isla ng Sunda at Malay Peninsula, kaya't posibleng naidala ito sa malayoang migrasyon ng mga Austronesyano. Nasaksihan pa ito ng mga Español na dumating sa Pilipinas. Bago ito sa kanilang mata. Ayon sa *Manila and the Philippines About 1650* noong 1676 ni Domingo Fernandez Navarrete, itinuring nito ang makopa bilang isang masagana at mahalagang puno sa Pilipinas, kasama ang bilimbins (balimbing) at santol (49). Namumunga aniya ang punong ito tuwing buwan ng Abril, Mayo, at Hunyo (Navarrete 49) –panahon ng tag-init sa Pilipinas. Kaipala'y tama ang PCP na ilapat ang makopa bilang ilustrasyon sapagkat sa mga nasabing buwan, talamak ang mga naglalarong bata sa labas.

Hindi katulad ng makopa, ang caimito (*Chrysophyllum cainito*) ay hindi taal o dayo lamang sa Pilipinas. Ayon sa pag-aaral, ang caimito ay nagsimula sa Latin Amerika, lalo na sa Panama (Petersen *et al.* 540) na lumaganap lamang kinalaunan sa Timog Amerika, bago makarating sa Timog Silangang Asya at Pilipinas. Nabanggit ni Guevarra sa kaniyang *Filipinos in Nueva España* na isa ang caimito sa bokabularyo ng mga Mehikano na pinaniniwalaang bahagi ng pamilyang wika ng Aztec Nahuatl (396). Kaya't naniniwala rin ako na ang caimito ay nakarating sa Pilipinas noong panahon ng Kalakalang Galyon (1565-1815). Lalo pa't maraming puno't bunga na ibinigay ang Mexico sa Pilipinas katulad ng mani, pinya, papaya, kamatis, at kalabasa, kapalit ng mangga at sampalok na ibinigay natin sa Timog Amerika (Guevarra 395).

Katulad ng caimito, ang papaya (*Carica papaya*) na dinala rin dito sa Pilipinas ngunit inangkin na ng mga Pilipino sa kanilang buhay at sa mga panitikan. Sa mga bata, tampok ang papaya sa bugtong –*Bahay ni Mang Pedro, Punung-puno ng bato* at sa awiting *Leron, leron, sinta, buko ng papaya, Dala-dala'y buslo...* Bagaman may akdang pambata tungkol sa papaya, halimbawa ng *Alamat ng Papaya* (Villanueva at Abalos),

hindi naman ito naging tampok nang paulit-ulit sa mga kuwentong pambata. Hindi katulad ng saging (*Musa*) na bukod sa taal ito sa mga Austronesyano, naging palamuti rin ito sa mga akdang pambata katulad ng *Kuwentong Pagong at Matsing*. Ipinamalas ni Jose Rizal ang kuwentong ito sa kaniyang palarawang panitikan (pagtatalaban ng mga titik at larawan) na ibinigay noon kay Paz Pardo de Tavera sa Paris –kung saan larawan ni Matsing ang pagiging tuso at maliksi samantalang si Pagong na mabagal ngunit matalino (Fajilan 57-58). Kaya’t katulad ng nabanggit, bahagi ng akdang pambata ang unggoy (Eugenio 165) na madalas idinudugtong sa kuwento ng puno ng saging. Ang kuwentong ito ay tampok na tampok sa mga batang Pilipino.

Ang paglakip sa mga punong ito sa PCP, sadya man o ‘di-sadya, malay man o ‘di-malay, ay isang malinaw na manipestasyon ng trikotomiyang ugnayang tao-kapaligiran-kasaysayan ng mga Pilipino na naimarka sa iba’t ibang anyo ng panitikan katulad ng mga akdang pambata.

4.3 Pagbasag sa mito ng Marites bilang umuusbong na sexismong pananaw

Kapansin-pansin sa akda ang larawan ng tatlong babae (18) na kung saan tila naghihintayan ang mga nanay upang sabay silang pumunta ng Community Pantry at ibigay ang kanilang munting ambag. Mula sa nasabing ilustrasyon at pahayag, kailangan magkaroon dito ng repormasyon ang mga bata, higit sa lahat ang nakatatandang kasapi ng lipunan na huhubog sa mga bata. Ang ganitong pagkukumpulan, lalo na ng mga babae ay nailagay na sa konotasyon ng pagiging “Marites” (Mare, ito ang latest) o “Mosang” (tsismosa) (Chui). Maging ang mga bata ngayon sa tuwing nakakakita ng mga nag-uusap, kumpulan, tawanan, lalo na ng mga babae, mamumutawi na sa kanilang bibig ang “Marites” o “Mosang.” Ito ay isang panibagong salita sa korporang Filipino na sumibol sa panahon ng COVID-19 upang ilarawan ang pagiging pakialamera at chismosa (Legaspi). Mabilis itong kumalat sa pang-araw-araw na pamumuhay ngayon nating mga Pilipino. Kaya’t sa tuwing mayroon tayong nakikitang mga babaeng nagkukumpulan o nag-uusap, agad nating mababanggit, “Mga Marites.”^[10] Kaya’t dito natin maipapasok ang kahalagahan ng tradisyonal na kaasalang Pilipino –na hindi dapat pumapasok ang mga bata sa usapan ng mga matatanda. Isang katangian ng kaasalang Pilipino na nanganganib na ring mawala sa ngayon. Maihahanay ang marka ni Marites kay “Karen” ng Estados Unidos na madalas na ikinakabit sa katangian ng mga Amerikanang puti at blandina, entitled, iskandalosa, at mga pasigaw-sigaw o namamahiya sa pampublikong lugar (Williams 2). Ngunit katulad ni Marites, naging tatak si Karen ng mga negatibong katangian na iki-

^[10]Gayundin ang Marisol –mula sa babaeng “sol” =sulsol; Marietta (Mare, ito pa); Marissa (Mare, isa pa); Maris (Mare, ano ang tsismis); Mariposa (Mare, post mo na); Marina (Mare, ano na); at iba pa (Chui).

nabit sa mga babae. Na kahit ang isang lalaki ay maaari na ring tawagin bilang “Karen.” Kung tutuosin, nagmimitsa ito ng labis na pagiging sexista at misogynista (Wong), na kailangang hindi pasukin ng mga bata lalo pa’t matindi ang pakikipaglaban ngayon ng kababaihan sa kanilang karapatan.

Minsan nang naapi at ginawang katatawanan ang mga babae sa panahon ng pagtatayo ng mga Community Pantry. Naging trending ang anim na babae (na posibleng mga ina) sa Barangay Kapitolyo, Pasig dahil sa pagkuha nila ng dalawang tray ng itlog, ilang piraso ng tinapay, at iba pang pagkain na kanilang isinilid sa dala-dalang ecobag (Santos). Isa sa mga hindi makatuwirang kaugalian ng mga Pilipino ay ang cancel culture. Naging biktima rito ang mga nasabing babae. Inulan ng mga batikos at masasakit na salita; inilagay sa mga memes; at nariyan pa ang pag-edit sa kanilang mga larawan na inilagay sa iba’t ibang lugar katulad ng bundok, bulkan, kagubatan, at sa dagat. Hindi patas ang naging pagtingin sa mga babae. Bakit naging trending ito, sa halip na idiin ang naging ambag ng mga babae (at mga bata, lalo pa’t babae ang nakapag-isip ng Community Pantry) sa kasalukuyang panahon? At sa halip na pansinin ang mga politikong nagkamal ng mga salapi sa panahon ng pandemya –salaping higit pa sa dalawang tray ng itlog.

Lakip ng Community Pantry ang kasabihang “magbigay ayon sa kakayahan, kumuha ayon sa pangangailangan.” Ngunit masisisi ba ang bawat pamilyang salat na may kani-kanilang pamantayan sa pangangailangan? Ang naging trending na pagkuha ng mga babae sa Community Pantry ay mabibigyan ng kahulugan batay sa tumitingin dito –maaaring sobra (na may konotasyong kasakiman) o maaari rin namang salat o sapat. Gayumpaman, posible rin namang ilapat sa “kalabisan” ang ginawang ito ng kababaihan. Liban sa naging pag-aaral ni Castro noong 2022, hinggil sa “sobra” bilang pangngalan, pandiwa, pang-uri, pang-abay, at pampasidhi, ang “sobra” ay isa ring konseptuwal. Malalim ang dalumat ni Santos sa trikotomiyang ugnayan ng salat-sapat-sobra. Aniya, bago dumating ang mga mananakop at kapitalismo, umiiral ang etika ng salat-sapat-sobra sa mga katutubo (Santos, “personal na komunikasyon”). Kumukuha lamang ng “sapat” mula sa kalikasan at hindi “sobra,” para hindi maging “salat” ang kapwa. Sa pagiging “sobra” ng mga babaeng ito, naging “salat” tuloy ang kapwa. Nakaangkla rin sa pakikipagkapwa ni Enriquez (2007) ang etika ng salat-sapat-sobra. Kaya’t pagdating sa kambal na ideya ng kolonyalismo-kapitalismo, nademythologize ang tingin sa kalikasan. Sa halip na tingnan ito bilang isang bagay na dapat ginagalang (*for coexistence*), bilang banal na tahanan ng mga anito, tuluyan na ito ngayon naging kuhanan ng mga pangagailangan –sa pagiging “sobra” ng pamahalaan at mga kapitalista. Kaya’t sa kabilang banda, dapat tingnan ang

Community Pantry bilang isang halimbawa ng kalikasan –na bukas para sa lahat at magiging “sapat para sa lahat.”

Pangwakas

Sa kabuoan, kumatig ang rebyung ito sa pagsusuring historikal. Hindi ko alam kung naging makatuwiran, sasang-ayonan o ikatutuwa kaya nina Evasco at Aguirre ang paraang ito ng pagrerebyu sa kanilang akdang pambata. Sa unang banda, posibleng pinatay ko sina Evasco at Aguirre –pinatay sa paraang sumaliwa o kumalas ako sa kanilang anomang orihinal na intensiyon, pagpapakahulugan, at pagpapahalaga, habang kanilang isinusulat at nililikha ang mga teksto at ilustrasyon ng akdang ito. Hindi ko rin alam kung nagkatagpo o sumalungat ang dalawang punto-de-bista (punto-de-bista at imahinasyon nina Evasco at Aguirre habang ginagawa ang akda at punto-de-bista at imahinasyon ko bilang isang rebyuwer) ngunit ginagarantiyang lumalapat ito sa historikal na halagahin ng kanilang akda.

Ayon kay Barthes sa kaniyang *The Death of the Author* noong 1967, *He [the author] is not able to create or decide the meaning of his work*, kung saan mamamatay ang orihinal na awtor sa paraang mababago ang direksyon ng kanilang katha, batay sa kung papaano ito basahin at tingnan ng ibang pananaw (*not the author*) (Barthes, “The Death”). Si Barthes ay kilala sa mga teoristang nagpakadalubhasa sa semiotika at/o pagpapakahulugan o pagbibigay-kahulugan sa mga salik panlipunan. Makikita halimbawa sa kaniyang *Mythologies* ang magkakasamang pagpapaunlad sa kaisipang Marxismo, Freudian, at ang kaisipan ni Ferdinand de Saussure na ayon sa huli ang konseptuwalisasyon sa *sign* ay kapwa binubuo ng *signifier* at *signified* (Barthes, “Mythologies”). Isa rin *pahiwatig* ang maitutumbas sa kaisipan ng mga teoristang ito. Maitutumbas ang *sign* sa konsepto ng mga Pilipino sa *pahiwatig* – na ayon kay Maggay ay isang paraan ng komunikasyon sa ‘di-tuwirang pagpapaabot ng mensahe (24-25). Karaniwang naipapahayag ang *pahiwatig* sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga berbal at ‘di-berbal na palatandaan. Ang kabuoang nilalaman (4-31) ng PCP ay binubuo ng mga pahiwatig sa anyo ng 144 na bilang ng mga salita – 65 (wikang Filipino) at 79 (wikang Ingles), lahat ay nakokoloretehan ng mga makukulay na ilustrasyon. 144 na mga salita at 31-32 na pahina ng mga larawan, ngunit posibleng mabigyan ng libu-libong interpretasyon –antropolohikal, sikolohikal, sosyolohikal, kultural, historikal, o anomang ideolohiya at disiplinang kinabibilangan.

Isang “hindi nagsasalita” o ‘di-berbal na kasaysayan ang mga ilustrasyon na ito ng PCP. Ngunit, katulad ng paggigiit ni Sharpe sa kaniyang *History From Below*, ang kahalagahan ng mga pananda, inskripsyon, o marka bilang alternatibong batis na

makapaglalahad ng isang kasaysayan at diskurso (Sharpe as cited by van Vliet 32). Gayundin ang dekonstruksyunistang si Derrida na bumasag sa tradisyonal na pagtingin sa kasaysayan na “hindi kasaysayan, ang hindi naisusulat.” Inilahad niya sa kaniyang *Of Grammatology*, ang mga naisulat o naimarka sa anomang paraan ng pagsusulat (maging piktograp o idyograp man ito) ay maituturing na bilang isang naisusulat na kasaysayan (Derrida 97-98). Na kung tutuosin, ang PCP ay isang kasaysayan! Bahagi na ng kasaysayan ang COVID-19 at ang mismong pagkakabuo ng Community Pantry. Sapagkat taglay nito ang “salaysay na may saysay sa taong sinasalaysayan nito (Salazar, “Ang Pantayong Pananaw” 46-72)” at mayroong talab sa ugnayan at kulminasyon ng nakaraan at kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng PCP, nabuksan ang ating kamalayan sa iba’t ibang destinasyon ng kasaysayang Pilipino. Ang hamon sa ating lahat, paano natin maisasabuhay ang mga aral ng akdang ito!

References

- Abad, Michelle. “Community pantries: Is it a ‘revolution’ when Filipinos just want to give?” *Rappler*, 2021, <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/growth-community-pantries-r-evolution-filipinos-just-want-to-give/>.
- Alabado, Ceres. (awt.) at Carlo Valino (illus.). *Kangkong 1896*. Pamana, Inc., 1969.
- Alfonso, Ian Christopher. *Dogs in Philippine History*. Philippine Historical Association, Project Saysay, at Alaya Publishing, 2023.
- Almario, Virgilio, patnugot. *U.P. Diksiyonaryong Filipino*. Anvil Publishing, Inc., 2001.
- Almario, Virgilio (awt.) at Renato Gamos (illus.) *Si Langgam at Si Tipaklong*. Adarna House, Inc., 2007.
- Ambrosio, Dante. *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*. U of the Philippines P, 2010.
- Antonio, Josiah. “After #MajoHa issue, Pinoy Big Brother teen housemates face history test challenge.” *ABS-CBN News*, 2022, <https://news.abs-cbn.com/entertainment/04/18/22/after-majoha-issue-pbb-housemates-face-history-test>.
- Aspinwall, Nick. “Jeepney Drivers Face Charges Amid Heightened Protest Crackdown in the Philippines.” *The Diplomat*, 2020, <https://thediplomat.com/>

2020/06/jeepney-drivers-face-charges-amid-heightened-protest-crackdown-in-the-philippines/.

Asuncion, Ruben Jeffrey. "Pagtaliwas o Pagtalima? Dilemma sa Pagpapasiya ng mga Kabataang Tauhan sa mga Nobela nina Jun Cruz Reyes at Butch Dalisay." *U.P. Los Baños Journal*, tomo 18, blg. 1, 2020, pp. 89-103.

———. "Ilang Pagpapakahulugan ng "Kabataan" sa mga Diccionario at Vocabulario (1711-1914)." *U.P. Los Baños Journal*, tomo 18, blg. 1, 2020, pp. 144-162.

———. "Mga Kabataang Tauhan sa mga Napalimbag na Nobela ni Rizal: Pagsasakontekstong Panlipunan at Kasaysayan." *Journal of Philippine Local History & Heritage*, tomo 9, blg. 1, 2023, pp. 1-28.

Baños, Mike. "The Pinoy Is a Maya, not an Agila." *Resurgent*, 2018, <https://www.resurgent.ph/articles.aspx?id=387>.

Barthes, Roland. 1957. *Mythologies*. Noonday Press, 1972.

———. *The Death of the Author*, trans. S. Heath. Fontana, 1967.

BBC News. "Philippines strike: Filipinos rally around iconic jeepney drivers." *BBC News*, 2017, <https://www.bbc.com/news/world-asia-41632035>.

Bellwood, Peter. "Austronesian Prehistory in Southeast Asia: Homeland, Expansion and Transformation." *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, pinatnugutan nina Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron, Australian National U P, 2006, pp. 103-118.

Bernardo, Ramon. "Community pantry usong salita nayon." *Philstar*, 2021, <https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2021/04/25/2093643/community-pantry-usong-salita-ngayon>.

Bolata, Emmanuel Jayson. "Sipat at Sapot: Mula Pagsagka sa Patriyarkal na Pandarahas Tungong Paglikha ng Mapagpalayang Anyo ng Pagkalalake." *Saliksik E-Journal*, tomo 6, blg. 2, 2017, pp. 305-324.

———. "Ceres S.C. Alabado and the Formative Years of Philippine Children's Literature, 1960–1988." *Likhaan: The Journal of Philippine Contemporary Literature*, tomo 12, blg. 1, 2018, pp. 361-383.

Bolledo, Jairo. "Parlade admits profiling of community pantry organizers." *Rappler*, 2021, <https://www.rappler.com/nation/ntf-elcac-parlade-admits-profiling-organizers-community-pantries/>.

- Cabato, Regine. "Community pantries offer reprieve from covid-19 hardships in the Philippines." *The Washington Post*, 2021, https://www.washingtonpost.com/world/asia_pacific/philippines-pantries-covid-pandemic/2021/04/21/30ad8a5c-a1ac-11eb-b314-2e993bd83e31_story.html.
- Camagay, Maria Luisa. "The Cigarreras of Manila." *Philippine Studies*, tomo 34, blg. 4, 1986, pp. 507-517.
- Castro, Lexter. "Deksriptibong Pagsusuri sa Gamit ng 'Sobra' bilang Sumisibol na Pampasidhi ng mga Pang-uri sa Wikang Filipino." *Makiling Review: An International Journal of Humanities*, tomo 1, blg. 1, 2022, pp. 5-34.
- Charles, Dan. "The Ancient City Where People Decided To Eat Chickens." *NPR*, 2019, <https://www.npr.org/sections/thesalt/2015/07/20/424707879/the-ancient-city-where-people-decided-to-eat-chickens>.
- Chui, Angie. "Marites, Marisa, Mariposa: Get to know Mosang's distant cousins when you want to get your tsismis on." *Manila Bulletin*, 2021, <https://mb.com.ph/2021/11/19/marites-marisa-mariposa-get-to-know-mosangs-distant-cousins-when-you-want-to-get-your-tsismis-on>.
- Derrida, Jacques. 1967. *Of Grammatology*, trans. sa Ingles mula Pranses, Gayatri Chakravorty Spivak. John Hopkins U, 1997.
- Diaz, Hidilyn at Eugene Evasco (mga awt.), Noel Ferrer (panayam), at Tristan Yuvienco (illus.). *Ginto't Pilak: Ang Kuwento ng Olympian na si Hidilyn Diaz*. Anvil Publishing, Inc., 2020.
- Durkheim, Emile. "Forms of Social Solidarity." *Emile Durkheim: Selected Writings*, pinatnugutan ni Anthony Giddens, Cambridge U P, 1972, pp. 123-140.
- Engels, Friedrich. *The Origin of the Family, Private Property and the State*, trans. Ernest Untermann. Charles H. Kerr & Company Cooperative, 1884.
- Enriquez, Virgilio. "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." *Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, pinatnugutan nina Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, C & E Publishing, Inc, 2007, pp. 23-33.
- Eslit, Nila. "Traditional Filipino Games Series #07: Catching Dragonflies." *The Catalyst*, 2019,

[/https://www.nilaeslit.com/traditional-filipino-games-series-07-catching-dragonflies/#.YaUdUGAzblU](https://www.nilaeslit.com/traditional-filipino-games-series-07-catching-dragonflies/#.YaUdUGAzblU).

- Eugenio, Damiana. "Philippine Folktales: An Introduction." *Asian Folklore Studies*, tomo 44, blg. 2, 1985, pp. 155-177.
- Eusebio-Abad, Heide Emily (awt.) at Patrick Torres (illus.) *Dr. Dapdap: The Healing Tree (Tata Oskie's Collection of Children's Books on Philippine Native Trees)*. INK Book Nook, 2020.
- Evasco, Eugene. "Ang Bata sa Pagtuklas ng mga Bayani: Ang Pagkabata ng Bayani sa mga Etnoepiko ng Pilipinas." *Diliman Review*, tomo 52, blg. 1-4, 2005, pp. 85-112.
- . "Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, tomo 8, blg. 2, 2011, pp. 105-144.
- Evasco, Eugene (awt.) at Pergy Acuña (illus.). *Maging Ligtas sa Coronavirus (Mga Kaalaman at Patnubay sa mga Bata)*. Lampara Books, 2020.
- Fajilan, Wennielyn. "Pananalig sa Bata: Ang Paghahawan ng Landas para sa Pagtataguyod ng Panitikang Pambatang Filipino ng mga Muling Pagsasalaysay at Saling Pambata ni Jose Rizal." *Katipunan Journal*, tomo 3, blg. 1, 2018, pp. 52-88.
- Fentress, James at Chris Wickham. *Social Memory*. Backwell Publishers, 1992.
- Filipino Fairy Tales. "Filipino Fairy Tales." *Youtube*, walang taon, <https://www.youtube.com/c/FilipinoFairyTales>.
- Fornillos, Jholyan Francis. "Higit pa sa Laman Tiyan: Isang Sikolohikal na Pagsusuri sa Pag-usbong at Paglaganap ng mga Paminggalang Bayan sa Panahon ng COVID-19 Gamit ang Sikolohiya ng Kapwa at Pakikipagkapwa." *U.P. Los Baños Journal*, tomo 20, blg. 1, 2022, pp. 98-109.
- Gerard, Genette at Marie Maclean (trans.). "Introduction to the Paratext." *New Literary History*, tomo 22, blg. 2, 1991, pp. 261-272.
- Gonzales, Vladimeir, patnugot. *Dx Machina 1: Philippine Literature in the Time of COVID-19. Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 14, blg. 2. UP Institute of Creative Writing, 2020.

- Gonzales, Vladimeir, patnugot. D $\times$ Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 15, blg. 3. UP Institute of Creative Writing, 2021.
- Gotinga, JC. "Food pantries for hungry Filipinos get tagged as communist." *Aljazeera*, 2021, <https://www.aljazeera.com/news/2021/4/24/food-pantry-for>.
- Guevarra, Rudy. "Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico." *Journal of Asian American Studies*, tomo 14, blg. 3, 2011, pp. 389-416.
- Heming, Adn. "A history of cats in the Philippines/Southeast Asia." *Live Journal*, 2010, <https://little-details.livejournal.com/2665061.html>.
- Horridge, Adrian. "The Austronesian Conquest of the Sea –Upwind." *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, pinatnugutan nina Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron, Australian National U P, 2006, pp. 143-160.
- Hurley, James. "Titanic Allegories: The Blockbuster as Art Film." *Strategies: Journal of Theory, Culture & Politics*, tomo 14, blg. 1, 2010, pp. 91-120.
- Jesus, Ed de. *The Tobacco Monopoly in the Philippines: Bureaucratic Enterprise and Social Change, 1766-1880*. Ateneo de Manila U P, 1980.
- Jocano, Felipe Landa. *Growing Up in a Philippine Barrio: Case Studies in Education and Culture*. Holt, Rinehart, and Winston, 1969.
- . *Developing a Filipino Corporate Culture: Uses of Filipino Traditional Structures and Values in Modern Management*. PUNLAD Research House, 1999.
- Jose, Mary Dorothy. "Pagsisimula ng Kilusang Feminista sa Pilipinas at Indonesia: Panimulang Paghahambing." *Saliksik E-Journal*, tomo 4, blg. 2, 2015, pp. 27-58.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap." *Saliksik E-Journal*, tomo 6, blg. 2, 2017, pp. 1-96.
- Lasco, Lorenz. "Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses." *Saliksik E-Journal*, tomo 4, blg. 1, 2015, pp. 13-86.

- Legarda, Benito. 1999. *After the Galleons: Foreign Trade, Economic Change and Entrepreneurship in the Nineteenth-Century Philippines*. Ateneo de Manila U P, 2002.
- Legaspi, John. “Marites’: From being just a street gossip to an online sensation.” *Manila Bulletin*, 2021, <https://mb.com.ph/2021/11/11/marites-from-being-just-a-street-gossip-to-an-online-sensation/>.
- Leyesa, Daryl at Carmina Flores-Obanil. “SHE-cession: Struggles of Filipinas amidst the COVID-19 Pandemic.” *Heinrich Boll Stiftung Southeast Asia*, 2021, <https://th.boell.org/en/2021/09/13/she-cession>.
- Lin, Joey. “Grasping the ‘new normal’ in public transportation.” *Manila Bulletin*, 2020, <https://mb.com.ph/2020/07/13/grasping-the-new-normal-in-public-transportation/>.
- Lingo, Dino. *Ang Mga Unggoy at Ang mga Tutubi*. Dino Lingo, 2016.
- Loarca, Miguel de. “Relacion de las Yslas Filipinas.” Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume V*, pinatnugutan at salin nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1552, pp. 34-187.
- Maggay, Melba Padilla. *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Ateneo de Manila U P, 2002.
- Manuel, E. Arsenio. “A Survey of Philippine Folk Epics.” *Asian Folklore Studies*, tomo 22, blg. 1, 1963, pp. 1-76.
- Massaro, Dominic. “Reading Aloud to Children: Benefits and Implications for Acquiring Literacy Before Schooling Begins.” *The American Journal of Psychology*, tomo 130, blg. 1, 2017, pp. 63-72.
- Matias, Segundo (awt.) at Zeus Bascon (illus.). *Alamat ng Gagamba*, trans. Becky Bravo. Lampara Publishing House, Inc., 2009.
- Matias, Segundo (awt.) at Leo Alvarado (illus.). *Alamat ng Paruparo*. Lampara Publishing House, Inc., 2009.
- Matejowsky, Ty. “Spider Wrestling and Gambling Culture in the Rural Philippines.” *Philippine Studies*, tomo 51, blg. 1, 2003, pp. 147-163.

- Mendoza, Kiko. "Community pantries highlight power of collective action." *Rappler*, 2021, <https://www.rappler.com/moveph/community-pantries-highlight-collective-action/>.
- Navarrete, Domingo Fernandez. "Manila and the Philippines About 1650." *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXXVIII*, pinatnugutan at salin nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1676, pp. 17-71.
- Navarro, Atoy. "Kasaysayan at Pelikula: Panonood-Pelikula sa Pagtuturo ng Bagong Kasaysayan." *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, pinatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes, at John Lee Candelaria, Limbagang Pangkasaysayan, 2008, pp. 133-138.
- Nikolajeva, Maria at Carole Scott. *How Picturebooks Work*. Routledge, 2006.
- Ortiz, Will. "Mga Kuwadro at Rekwerdo ng Kasaysayan: Pagsusuri ng Limang Historikal na Kathang Pambata." *Lagda: Journal ng U.P. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas*, tomo 10, blg. 1, 2015, pp. 107-128.
- Page Index. "Bobo talaga tong si Mike Enriquez! Bakit daw andun ang Gabriela sa strike sa Cubao!" *Facebook*, 2017, <https://www.facebook.com/%20pageindex101/posts/1705352622870067>.
- Pamintuan, Ana Marie. "Transport new normal." *Phil Star Global*, 2020, <https://www.philstar.com/opinion/2020/06/03/2018299/transport-new-normal>.
- Petersen, Jennifer, Ingrid Parker, at Daniel Potter. "Domestication of the Neotropical Tree *Chrysophyllum* Cainito From a Geographically Limited Yet Genetically Diverse Gene Pool in Panama." *Ecology and Evolution*, tomo 4, blg. 5, 2014, pp. 539-553.
- Philippine National Agency (PNA). "2020, with just 1,516,042 million registered." *Philippine National Agency*, 2021, <https://www.pna.gov.ph/articles/1156192>.
- Philippine Statistics Authority (PSA). "Registered Live Births in the Philippines, 2019." *Philippine Statistics Authority*, 2021, <https://psa.gov.ph/content/registered-live-births-philippines-2019>.
- Punongbayan, Raymundo. "Legends of the Land." *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, The Philippine Archipelago*, pinatnugutan nina Raymundo

- Punongbayan, Prescillano Zamora, at Perry Ong, Asia Publishing Company Limited, 1998, pp. 11-34.
- Riosa, Rose Marie. "Bata, Bata, Halina't Mag-aral sa Telebisyon." *Alipato: A Journal of Basic Education*, tomo 2, blg 1-2, 1997, pp. 11-14.
- Rivera, Auggie (awt.) at Paolo Lim (illus.). *Si Diwayen, noong bago dumating ang mga Espanyol*. Adarna House, UNICEF, 2001.
- Rivera, Auggie (awt.) at Pepper Roxas (illus.). *Si Segunda, noong panahon ng mga Espanyol*. Adarna House, UNICEF, 2001.
- Rivera, Auggie (awt.) at Jose Miguel Tejido (illus.). *Si Juanito, noong panahon ng mga Amerikano*. Adarna House, UNICEF, 2001.
- Rivera, Auggie (awt.) at Marcus Nada (illus.). *Si Pitong, noong panahon ng mga Hapon*. Adarna House, UNICEF, 2001.
- Rivera, Auggie (awt.) at Brian Vallesteros (illus.). *Si Jhun-Jhun, noong bago Ideklara ang Batas Militar*. Adarna House, UNICEF, 2001.
- Salazar, Zeus. "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino." *Mga Bagong Pag-aaral sa Wika, Literatura, at Kultura: Dyornal ng Malawakang Edukasyon, XXIII-XXIV*, pinatnugutan ni Zeus Salazar, Kolehiyo ng Sining at Agham, U ng Pilipinas Diliman, 1974, pp. 53-81.
- . "Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasan." *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*, pinatnugutan nina Violeta Bautista at Rogelia Pe-Pua, Kalikasan Press, 1991, pp. 46-72.
- . *Heroe at Bayani: Dalawang Magkasalungat na Sikolohiya. Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino*. Bahay Kalinaw, U.P. Diliman, 1996.
- . *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. Bagong Kasaysayan, Inc., 2004.
- Santos, Jel. "6 women caught taking all goods from community pantry in Pasig." *Manila Bulletin*, 2021, <https://mb.com.ph/2021/04/20/6-women-caught-taking-all-goods-from-community-pantry-in-pasig/>.
- Santos, Mark Joseph. "Panitikang Pambata bilang Kasangkapan ng Pagbabalik-loob sa Egalitaryong Sistema ng Sinaunang Pamayanang Pilipino." *Suring Supling: Kalipunan ng Rebyu ng mga Akdang Pambata sa Pilipinas*,

- pinatnugutan nina Rosario Torres-Yu, Cheeno Marlo Sayuno, at Jose Monfred Sy, U of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino, 2022, pp. 75-88.
- . Personal na Komunikasyon, 2 Mayo 2023.
- Sharpe, Jim. "History From Below." *New Perspectives in Historical Writing*, pinatnugutan ni Peter Burke, Polity Press, 1991, pp. 24-41.
- Taguiwalo, Judy. *Babae, Obrera, Unyonista: Ang Kababaihan sa Kilusang Paggawa sa Maynila (1901-1941)*. U of the Philippines P, 2011.
- Talabong, Rambo. "5 jeepney drivers arrested on way to SONA 2020 protest." *Rappler*, 2020, <https://www.rappler.com/nation/jeepney-drivers-arrested-on-way-sona-protest-july-27-2020/>.
- Tolentino, Rolando. *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan*. Ateneo de Manila UP, 2011.
- . patnugot. Dx Machina 2: Philippine Literature in the Time of COVID-19. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 14, blg. 3. UP Institute of Creative Writing, 2020.
- . patnugot. Dx Machina 3: Philippine Literature in the Time of COVID-19. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 15, blg. 2. UP Institute of Creative Writing, 2021.
- Torres-Yu, Rosario (awt.) at Jomike Tejido (illus.). *Ang Hardinerong Tipaklong: Kuwentong Gintong Salakot*. LG & M Corporation, 2007.
- Tugano, Axle Christien. "Sakit ng Loob, Sakit ng Labas: Pagtutumbas sa mga Neolohismong Umusbong sa Kontemporanidad ng COVID-19 Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan ng Ketong sa Patolohiyang Pilipino." *Katipunan Journal*, tomo 6, blg. 1, 2020, pp. 132-181.
- . "Formalistikong Paglalandas sa Ginto't Pilak (2021) nina Hidilyn Diaz at Eugene Evasco Tungo sa Pagpapahalaga sa Kinestetika at Palakasan ng Kababaihang Pilipino." *Mabini Review*, tomo 10, blg. 1, 2021, pp. 85-101.
- . "Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Jose Rizal Bilang Mga Post-kolonyal na Babasahin: Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa mga Piling Paaralan sa Lungsod ng Marikina, Metro Manila." *Kawing Journal*, tomo 5, blg. 1, 2021, pp. 11-54.

- . “Numismatikong Pag-aaral sa Kababaihan sa mga Salaping Pilipino at Indones sa Panahong Post-Kolonyal: Isang Panimulang Paghahambing.” *Diliman Gender Review*, tomo 4, blg. 1, 2021, pp. 54-124.
- . “*Ang Dalawang Bayani ng Bansa* (2007) ni Rene O. Villanueva sa Konteksto ng Dikotomiyang Rizal at Bonifacio sa Historiograpiyang Pilipino.” *Bata, Hiwaga at Bansa: Mga Sanaysay sa Buhay at Mga Akda ni Rene O. Villanueva*, pinatnugutan nina Eugene Evasco at Cheeno Marlo Sayuno, U of the Philippines P, 2022, forthcoming.
- . “Sa Repositoryo ng mga Kulturang Materyal: Personal na Tala ng Paglalakbay ukol sa mga Museo sa Ibayong Dagat ng Asya-Pasipiko at Europa.” *Entrada Journal*, tomo 8, blg. 1, 2022, pp. 93-143.
- . Bata, Bata, May Magagawa ka pa ba? Kalagayan at Hinaharap ng Panitikang Pambata sa Talastasang Pilipino” *Pagdiriwang sa Haraya: Ang Panulaan at mga Aklat ng Impormasyon para sa mga Bata*, inakda ni Eugene Evasco, Aklat ng Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino, 2022, pp. vii-xiii.
- Tugano, Axle Christien at Joanna Frances Isabelle Sajor-Tugano. “Hanapin ang Hiwaga: Labintatlong Alegorikal na Interpretasyon sa Netflix Animated Series na Trese.” *Kawing Journal*, tomo 6, blg. 1, 2022, pp. 53-88.
- Ugay, Jedd, Monica Lavares, Jerik Cruz, at Marjorie Muyrong. “Overhauling land transportation in the new normal and beyond.” *Business Mirror*, 2020, <https://businessmirror.com.ph/2020/06/19/overhauling-land-transportation-in-the-new-normal-and-beyond/>.
- Valenzuela, Nikka. “Community pantry: ‘Not charity, but mutual aid’.” *Philippine Daily Inquirer*, 2021, <https://newsinfo.inquirer.net/1420463/community-pantry-not-charity-but-mutual-aid>.
- Villan, Vicente. “Tambayayong, Baganihan, at Bayanihan: Kahulugan, Lawak, at Larangan ng Tradisyong Paglilingkod-Bayan sa Kasaysayang Pilipino.” *Tambayayong: Ang Bayanihan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pinatnugutan nina Vicente Villan at Faina Abaya-Ulindang, ADHIKA ng Pilipinas, Inc, at National Commission for Culture and the Arts, 2020, pp. 29-54.
- Villan, Vicente at Faina Abaya-Ulindang. “Pagpopook ng Idea ng Tambayayong Bilang Paksa sa Halagahing Panlipunan ng mga Pilipino ng Pagmamalasakit.” *Tambayayong: Ang Bayanihan sa Kasaysayan at*

Kalinangang Pilipino, pinatnugutan nina Vicente Villan at Faina Abaya-Ulindang, ADHIKA ng Pilipinas, Inc, at National Commission for Culture and the Arts, 2020, pp. 9-26.

Villanueva, Rene. *Huling Gabi sa Maragondon*. One Act Play. Carlos Palanca Memorial Awards for One-act Play in Filipino, 1983.

———. *Gregoria*. One Act Play. Tanghalang Huseng Batute, Cultural Center of the Philippines, 1993.

———. *Teodora*. One Act Play. Tanghalang Huseng Batute, Cultural Center of the Philippines, 1993.

———. *Kalantiaw*. Full Length Play. Ateneo de Manila U., 1994.

———. 2004. *Mabini: Utak ng Himagsikan*. One Act Play. U of Santos Tomas, 2013.

Villanueva, Rene. (awt.) at Leonardo. Cruz (illus.). *Soliman: Ang Unang Bayani ng Maynila*. Aklat Adarna, 1980.

———. *Sampung Datu ng Borneo: Ang Unang Ati-atihan sa Panay*. Aklat Adarna, 1981.

———. 1981. *Pag-aalsa sa Kabite: Bakit Binitay sina Padre Gomez, Burgos, at Zamora*. Aklat Adarna, 1983.

Villanueva, Rene. (awt.) at Jordan. Santos (illus.). *Josefa Llanes-Escoda: Huwaran ng Modernong Filipina*. Adarna House, Inc., 2001.

Villanueva, Rene. (awt.) at Ferdinand Doctolero (illus.). *Melchora Aquino: Ina ng Himagsikan*. Adarna House Kasaysayan, 2001.

Villanueva, R. (awt.) at Paul Eric Roca (illus.). *Dagohoy: Ang Mandirigmang Hindi Sumuko*. Adarna House Kasaysayan, 2002.

Villanueva, Rene (awt.) at Joel Jason Chua (illus.). *Dalawang Bayani ng Bansa*. Adarna House, 2007.

Villanueva, Rene (awt.) at James Abalos (illus.). *Alamat ng Papaya*. Lampara Publishing House, Inc., 2007.

Vliet, Willem van. "The Cherry Question or the Role of Social Science Research in Designing Against Vandalism." *Vandalism: Research, Prevention and Social Policy*, pinatnugutan nina Harriet Cristensen, Darryll Johnson, at Martha

Brookes, 31-47. U.S. Department of Agriculture, Forest Service, and Pacific Northwest Research Station, 1992, pp. 31-47.

Walang Awtor (WA). "Expeditions of Ruy Lopez de Villalobos." *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume II*, pinatnugutan at salin nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1548, pp. 45-73.

Williams, Apryl. "Black Memes Matter: #LivingWhileBlack With Becky and Karen." *Social Media + Society*, tomo 6, blg. 4, 2020, pp. 1-14.

Wong, Julia Carrie. "The year of Karen: how a meme changed the way Americans talked about racism." *The Guardian*, 2020, <https://www.theguardian.com/world/2020/dec/27/karen-race-white-women-black-americans-racism>.

Zerega, Nyree, Diane Ragone, at Timothy Motley. "Complex Origins of Breadfruit (*Artocarpus altilis*, *moroceae*): Implications for Human Migrations in Oceania." *American Journal of Botany*, tomo 91, blg. 5, 2004, pp. 760-766.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **Axle Christien J. Tugano** (ajtugano@up.edu.ph) ay kasalukuyang Instruktor ng Kasaysayan sa Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños. Nagtapos ng B.A. History sa Polytechnic University of the Philippines, Manila (batch valedictorian, magna cum laude). Tinatapos ang kaniyang M.A. Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulong pananaliksik sa *Diliman Review*, *Diliman Gender Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, at ang papalabas na *Plaridel Journal* –lahat ay mga dyornal sa UP Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal*; *Tala Kasaysayan Journal*; at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Social Sciences and Development Review*, *Mabini Review*, *Bisig Journal*, *Entrada Journal*, at *Talastasan Journal* ng PUP Manila; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan Inc.; *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino; *Journal of Philippine Local History & Heritage* ng National Historical Commission of the Philippines; at ilang pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas; ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts; at PUP Center for Philippine Studies. Editor ng aklat na *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019) at *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (2023). Kasamang may-akda ng 50-50: *Talambuhay ng mga Pangunahing Personalidad ng Batas Militar* (2022). Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang *Mananaysay ng Taon 2021*, *Ikatlong Gantimpala* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).